on a journey

# Samahan ang Isa



## WARM-UP

- Anong mga gawain ang gusto ninyong magkakaibigan na gawin nang magkakasama? Magkuwento ng kahit isa sa mga ito.
- Sino ang mga pinakamalalapit mong kaibigan? Magkuwento tungkol sa kanila.
- Magkuwento ng isang pagkakataon kung kailan tinulungan ka ng iyong kaibigan sa panahon ng kaguluhan.

## WORD

[28]*Kaya mula noon, kasama na nila si Saulo, at buong tapang niyang ipinangaral ang tungkol sa Panginoon saan man sa Jerusalem. . . .* [31]*Pagkatapos noon, naging matiwasay ang pamumuhay ng iglesya sa buong Judea, sa Galilea, at sa Samaria. Lalo pang lumakas ang kanilang pananampalataya at namuhay silang may takot sa Panginoon. Pinalalakas ng Banal na Espiritu ang kanilang loob, kaya lalo pa silang dumami.* **MGA GAWA 9:28,31**

(Basahin din ang **MGA GAWA 9:1–31.**)

Ang pagiging Kristiyano ni Apostol Pablo ay isa sa mga pinakamahimala at matinding kuwento ng pagbabago. Nang makatagpo niya si Jesus, si Pablo na kilala rin bilang Saulo, isa sa mga pinaka-kinatatakutang taga-usig ng mga tagasunod ni Jesus, ay naging isa sa mga pinaka-epektibong tagapagbahagi ng ebanghelyo, tagapagdisipulo, at tagapagtatag ng iglesya. Isinulat din niya ang karamihan sa Bagong Tipan. Ngunit maging ang isang tulad niya ay hindi kayang gawin ang lahat ng ito nang mag-isa. Kailangan ni Pablo ng mga tao na makakatulong niya sa kanyang paglalakbay kasama ni Cristo at sa pagbabahagi ng ebanghelyo. Ngayon, tignan natin ang mga pangunahing tao na nakasama ni Pablo sa pamumuhay niya at kung ano ang naging epekto ng mga ugnayang ito sa pagpapalaganap ng kaharian ng Diyos.

## 1 Ananias

*Kaya pinuntahan ni Ananias si Saulo sa bahay na tinutuluyan nito, at pagpasok niya roon ay ipinatong niya ang kanyang kamay kay Saulo. At sinabi niya, "Saulo, kapatid ko sa Panginoon, pinapunta ako rito ng Panginoong Jesus. Siya ang nagpakita sa iyo sa daan nang papunta ka rito. Inutusan niya ako rito para muli kang makakita at mapuspos ng Banal na Espiritu."*
**MGA GAWA 9:17**

Ang mapaghimalang pagkakita kay Jesus ang bumago sa buhay ni Pablo. Subalit ipinadala pa din ng Diyos si Ananias upang tulungan si Pablo na makakitang muli, mapuspos ng Banal na Espiritu, at mabautismuhan. Si Ananias ay isang disipulo ni Jesus na sumunod lamang nang tawagin siya ng Diyos upang tulungan si Pablo, isa sa mga kinatatakutang tao noong panahon na iyon. Tinulungan niya si Pablo na makakitang muli at malaman kung ano ang susunod na gagawin. Sino ang tumutulong sa iyo sa sarili mong paglalakbay sa pananampalataya? Paano ka nila natulungang sumunod sa Diyos?

## 2 Bernabe

*Pero isinama siya ni Bernabe at dinala sa mga apostol. Ikinuwento ni Bernabe sa kanila kung paano nakita ni Saulo ang Panginoong Jesus sa daan at kung ano ang sinabi nito sa kanya. At sinabi rin niya ang katapangan ni Saulo sa pangangaral tungkol kay Jesus doon sa Damascus.* **MGA GAWA 9:27**

Nang lumipat si Pablo sa Jerusalem, ang ibang mga disipulo ay natakot sa kanya dahil hindi sila naniniwala na siya ay isang disipulo. Subalit ipinagtanggol ni Bernabe si Pablo at sinabi sa kanila ang radikal na pagbabago sa buhay ni Pablo. Hindi nagtagal, sina Bernabe at Pablo ay nagkasama sa isang paglalakbay upang ipangaral ang ebanghelyo. Nakita ni Bernabe si Pablo kung sino siya sa mata ng Diyos sa halip na

kung sino siya dati. Sino ang humihikayat sa iyo na hangarin ang plano ng Diyos sa buhay mo, sa kabila ng iyong nakaraan at mga limitasyon?

## 3 Komunidad ng Iglesya

*[28]Kaya mula noon, kasama na nila si Saulo, at buong tapang niyang ipinangaral ang tungkol sa Panginoon saan man sa Jerusalem. . . . [31]Pagkatapos noon, naging matiwasay ang pamumuhay ng iglesya sa buong Judea, sa Galilea, at sa Samaria. Lalo pang lumakas ang kanilang pananampalataya at namuhay silang may takot sa Panginoon. Pinalalakas ng Banal na Espiritu ang kanilang loob, kaya lalo pa silang dumami.* **MGA GAWA 9:28,31**

Habang lumalalim ang pananampalataya ni Pablo, ang komunidad na kinabibilangan niya ay mas dumarami. Tinanggap siya ng mga disipulo nang siya ay nasa Damascus, at tinanggap din siya ng mga apostol nang siya ay lumipat sa Jerusalem. Sila mismo ang mga taong nais sana ipapatay ni Pablo, ngunit sa kabila nito, tinanggap pa rin nila si Pablo sa kanilang komunidad at tinulungan pa nila siya nang may mga Hudyo at hindi Hudyo na nagtangkang ipapatay siya. Naging tapat sila sa isa't isa, pinangalagaan ang bawat isa, at magkakasamang ginawa ang misyon na ibinigay ni Jesus sa kanila. Dahil dito, ang iglesya sa rehiyon ng Judea, Galilea, at Samaria ay nagkaroon ng kapayapaan, lumalim sa pananampalataya, at patuloy na dumami. Bakit nakakapagbigay ng lakas ng loob ang iglesya na mayroong pagkakaisa? (Juan 17:22,23)

## APPLICATION

- Basahin at pag-isipan ang panalangin ni Jesus sa Juan 17:20–23 ngayong linggo. Sa huli, ano ang layunin ng pamumuhay kasama ang ibang tao? Paano mo magagawang maging intensyonal sa pakikipag-ugnayan sa ibang tao ngayong linggo?
- Paano mo mahihikayat ang isang tao na makipag-ugnayan sa iba? Kilalanin ang isa o dalawang tao na mahihikayat mo ngayong linggo.
- Ngayong alam mo na gumagamit din ang Diyos ng mga tao upang matulungan tayong sumunod sa Kanya, sino ang maaari mong makasama sa paglalakbay na ito at matulungan na sumunod sa Diyos? Mangakong bubuo ka ng ugnayan sa taong ito at ipapangaral mo sa kanya ang ebanghelyo ngayong linggo.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa mga taong ipinadala Niya sa buhay mo upang magawa mong sumunod sa Kanya at mangisda ng mga tao nang mas epektibo. Ipanalangin na palakasin ng Diyos ang ugnayan mo sa komunidad ng iglesya.
- Hingin sa Diyos na ibigay sa iyo ang pagmamahal Niya para sa mga tao sa kinabibilangan mong komunidad ng iglesya. Ipanalangin na gamitin ka ng Diyos upang matulungan sila sa oras ng pangangailangan.
- Ipanalangin na ang mga kapamilya at kaibigan mo ay mahikayat mong makilala si Jesus sa pamamagitan ng paraan mo ng pamumuhay kasama ang kinabibilangan mong komunidad ng iglesya.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph